KAUTUSAN BLG. 3877

ISANG KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG ₱115,142.50 UPANG MAGAMIT SA PAGBILI SA LUPANG ARI NG "STA. MESA REALTY, INC.", SA MAY LOURDES SUBDIVISION, PUROK NG SAMPALOK, NA KAKAILANGANIN SA PAGPAPATAYO NG PALARUAN AT GUSALI NG "BACOOD ELEMENTARY SCHOOL".

Ipinaguutos ng Sangguniang Bayan ng Lunsod ng Maynila, na:

UNANG PANGKAT. Ang halagang ₱115,142.50, o ano man ng nasabing halaga na kakailanganin, ay ilaan, at sa pamamagitan ng kautusang ito ay inilalaan buhat sa labis na tuusing natipon sa kaban ng Lunsod ng Maynila sa pagpipinid ng taong 1955-1956, na hindi pa nailalaan sa ano mang gugulin, upang magamit sa pagbabayad ng natitirang halagang kinakailangan sa pagbili ng lupang ari ng "Sta. Mesa Realty, Inc.", sa Lourdes Subdivision, Bacood, Sampalok, Maynila, na ang nabanggit na lupa ay tumutugon sa paliwanag ng "Blocks 2, 3, and Road Lot No. 14, Plan Psd.-35496, containing an aggregate area of 11,425.7 square meters" na gagamitin sa pagpapatayo ng palaruan at gusali ng "Bacood Elementary School", sa halagang ₱25.00 bawa't isang dipang pari-sukat na itinakda ng Lupon sa Paghahalaga.

IKALAWANG PANGKAT. Ang kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling pagtibayin.

Isinagawa, Hunyo 25, 1957.

Pinagtibay, Hunyo 28, 1957

PINAGTIBAY:

ARSENIO H. LACSON
Alkalde ng Maynila

JESUS MARCOS ROCES
Pangalawang Alkalde
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYAN:

JOSE M. REBAZA
Kalihim ng Alkalde

PADERES E. TINOCO
Kalihim, Sangguniang Bayan